# 1

Tuwang-tuwa si Lizbeth habang pinagmamasdan ang kaibigang si Ashley sa tabi ng asawa nitong si Paul. Bakas sa mukha ng dalawa ang labis na kaligayahan habang abala sa pag-eestima ng kanilang mga bisita. Halos mapuno ang bulwagan na sadyang inayos para sa wedding reception ng dalawa.

Narito sila sa isang sikat na resort na matatagpuan sa Quezon Province, ang *Villa Verdadero*.

Regalo ni Paul kay Ashley ang pagdiriwang na ito, mula sa kasalan kanina sa simbahan hanggang sa reception ngayon, dahil pagkatapos ng maraming pagsubok sa pag-iibigan ng dalawa, nauwi rin ang lahat sa kanilang pag-iisang-dibdib.

Napangiti si Lizbeth dahil natatandaan pa niya kung paano niya inalo anga kaibigan noong minsang pinuntahan nila si Paul sa resthouse sa Nueva Ecija para ipaalam dito na nagdadalantao ni Ashley...

*"Bakit hindi ka nagpakita sa kanya?" tanong niya pagkatapos nilang makita si Paul na papaalis kasama ang isang magandang babae. "Malay mo naman*

*kung kapatid niya iyon o pinsan kaya o matalik na kaibigan. Hinayaan mo muna sana siyang—"*

*"May magkapatid bang ganoon kung magtitigan? Kahit siguro pinsan o kaibigan niya ay hindi niya papakitaan ng ganoong kalambingan. Napakatanga ko talaga, bakit hindi ko inihanda ang sarili ko sa ganitong posibilidad, hindi sana ako nasasaktan nang ganito katindi ngayon." Walang tigil sa pagpatak ang luha ni Ashley.*

*"Calm down, Ashley. Baka kung mapaano ka niyan. Isipin mo ang baby mo, baka maapektuhan siya."*

*Nang marinig iyon ay natigilan ang kaibigan, biglang napahawak sa impis pa nitong tiyan. "I'm sorry, baby, mukhang late na tayo. Hindi na natin inabutang malaya pa ang daddy mo. Pero hindi bale, Mommy is here. I'm going to take good care of you, anak."*

*"At huwag mong kakalimutan na nandito rin ako, Ashley. Maybe God has a plan for you that's why this happened," malumanay na sabi niya habang nakakaunawang hinagod ang likod ng kaibigan.*

Sino ba ang mag-aakalang iyon pala ay isa lamang pagsubok sa isang magandang istorya ng pag-

ibig na nakatakdang mangyari kina Ashley at Paul?

Sa katunayan, heto ang dalawa at buong-galak na nag-e-entertain ng kanilang mga bisita. At hindi maitatangging in-love na in-love ang dalawa sa isa't isa.

Bagaman halata na ang tiyan ni Ashley ay hindi iyon nakabawas sa kagandahang taglay ng kanyang kaibigan.

Lumigid ang tingin ni Lizbeth sa buong paligid. Nakakagaan ng pakiramdam ang sariwang hangin na nagmumula sa naglalakihang mga puno, iba't ibang halaman at mga bulaklak. Maging ang umaagos na tubig galing sa bundok ay nagpapawala ng alalahanin ninuman.

Napangiti ang dalaga nang makita niyang palapit sa kanya ang bagong kasal.

"O, Lizbeth… ano't nagmumukmok ka diyan? Bakit hindi ka makihalubilo sa ibang bisita? Hinahanap ka nila d'un," ani Ashley.

"Naaaliw kasi akong pagmasdan ang kagandahan ng paligid. Ang pakiramdam ko ay nasa paraiso ako. Mabuti naman at may natitira pang ganitong lugar na napapangalagaang mabuti ang ating Inang Kalikasan," dugtong pa ni Lizbeth.

“Yeah, kahit nga ako ay hangang-hanga sa kagandahan ng lugar na ito. Kaya nga nagpapasalamat ako sa lalaking ito at dito niya napiling ganapin ang reception ng aming kasal.” Bahagya nitong ininguso ang lalaking kaabrisiete.

Buong pagmamahal na tinitigan ni Paul ang asawa.

“Alam mo namang ang lahat ay nakahanda kong gawin para sa ikaliligaya mo. Nagpapasalamat nga ako sa Diyos dahil binigyan Niya ako ng isang mapagmahal at magandang asawa at may bonus pa.”

May pagmamalaking hinaplos nito ang hindi pa naman gasinong malaking umbok ng tiyan ni Ashley.

“Wala na akong mahihiling pa, Lizbeth… maliban sa nawa’y maging malusog ang anak namin nitong kaibigan mo.”

Sa narinig ay napahilig sa asawa si Ashley. Napatawa si Lizbeth.

“Tama na nga ang lambingan ninyong dalawa at naiinggit na ako sa inyo. Baka langgamin na kayo sa harap ko, ah,” biro niya sa bagong kasal.

“Kaya naman ngayon pa lang ay maghanap ka

na rin, Lizbeth, ng lalaking katulad ni Paul. And I'm sure, mararanasan mo rin ang kaligayahang nararamdaman ko ngayon," nakangiting saad ng bride.

"Hay naku! Tigilan mo nga ako, Ashley. Bihira na ang lalaking katulad nitong asawa mo, unless na lang may kapatid pa si Paul."

Napahalakhak ang lalaki sa tinuran ng kaibigan ng asawa.

"Pulos ka talaga kalokohan. Alam mo namang solong anak din lang ako kagaya ni Ashley. Pero may kaibigan ako, si Ariel. Siya ang ka-partner mo sana ngayon, ang best man ko. Nagtatampo nga ako at hindi siya nakasipot. I'm sure may emergency na naman sa ospital ang loko kaya hindi siya nakapunta." Napailing pa ito, pero kaagad ding ngumiti.

"Sayang, sana ay nakilala mo siya. Tiyak na makakasundo mo ang taong iyon dahil magkapareho kami ng ugali ng kaibigan kong iyon. Hindi ba, hon?" patuloy nito na bumaling sa asawa.

"Ay, oo nga pala! Bakit nga ba hindi nakapunta si Ariel? Nagtatampo na rin ako sa kaibigan mong iyon. Sukat ba namang isnabin ang araw ng ating kasal. Akala ko pa naman ay natutuwa siya para sa

ating dalawa, pagkatapos ay hindi nagpakita. Kahit man lang sana dito sa reception ay humabol siya," himig-nagtatampong saad ni Ashley.

"Pagpasensyahan mo na ang kaibigan kong iyon, hon. Alam mo namang si Ariel ay isang very dedicated doctor. Kahit nga ang mama niyon ay nagtatampo na sa kanya dahil napakarami nang importanteng okasyon sa pamilya nila ang hindi nadadaluhan. At kung makadalo man ay lagi namang huli dahil sa trabaho niya sa ospital."

Hindi napigilan ni Lizbeth na sumagot, "At 'tapos ay sinabi ninyong magkakasundo kami. Excuse me, 'no! Ayoko yata sa lalaking nasa second list lang ako. Gusto ko siyempre iyong ilalagay ako sa kanyang top priority list. Kaya mabuti na rin iyong hindi siya nakasipot ngayon at hindi ko siya nakilala. Hindi pa man ay bad shot na siya sa akin kaya natitiyak ko na hindi kami magkakasundo kahit na magkakilala pa kaming dalawa."

"Naku… patay! Hindi pa man ay basted na agad si Ariel. Ang gusto ko pa naman sana ay kayo ng best friend ko ang magkatuluyan," ani Paul. "Kaya naman kanina ko pa siya tinatawagan at pilit na pinapupunta dito. Sinabi kong humabol kahit sa reception na lang para nga magkakilala kayong

dalawa, kaso hanggang ngayon ay wala pa rin siya."

"Tiyak na hindi makaalis iyon sa ospital," ang may panghihinayang na turan ni Ashley.

"Hindi bale na lang, I'm not interested to meet your friend. At saka, pauwi na rin ako. Ngayon ang appointment ko with my new partner para sa pagbubukas ng isa pang branch ng aking boutique sa *Shangri-La*. Kaya nga magpapaalam na ako sa inyong dalawa. I don't want to be late." Tinapunan ni Lizbeth ng tingin ang kanyang relo.

"Hmph! Akala ko pa naman ay magtatagal ka, iyon pala'y trabaho din ang nasa isip mo hanggang dito sa kasal ko. Aanhin mo ba ang pera gayong solo ka nang namumuhay ngayon dito sa Pilipinas?" reklamo ni Ashley.

"Bakit hindi ka na lang mag-enjoy? Hindi ka mananatiling bata forever, alalahanin mo," patuloy nito. "Sige ka, pag nahuli ka sa biyahe ay kukunat na ang matris mo, kukulubot pa ang balat mo kaya wala nang magtitiyaga sa iyo," tukso pa nito.

Lizbeth sighed. "I'm sorry, best friend, but I really have to go. Bata pa naman ako kaya 'wag mo munang isipin ang sinasabi mong huling biyahe. At saka kailangan kong magpayaman nang husto para

kung sakali ay bibili na lang ako ng asawa." Sinundan niya iyon ng malutong na tawa. "O sige, huwag na ninyo akong ihatid sa labas. I can manage at saka nakakahiya naman kung iiwan ninyo ang mga bisita ninyo. Kayo na ang bahalang magsabi kina Tito at Tita na kinailangan ko nang umalis."

Ang papa at mama ni Ashley ang tinutukoy niya.

"Hindi na ako magpapaalam sa kanila dahil natitiyak ko na hindi ako papayagan ng mga iyon. O sige, 'bye. Congratulations uli and best wishes. Pagkalabas ng baby ay sundan na ninyo agad at ibigay na lang ninyo sa akin," bumubungisngis na dugtong ni Lizbeth saka humalik sa pisngi ng kaibigan. Kinamayan niya si Paul at pagkuwan ay nagmamadali na niyang nilisan ang lugar na iyon.

Napailing na lang si Ashley habang nagtatawa naman si Paul sa kalokohan ni Lizbeth. Sabay nilang inihatid ng tanaw ang papalayong dalaga.

---

Nagmamadaling tinungo ni Lizbeth ang kinapaparadahan ng kanyang kotse sa parking lot ng resort. Dalawang oras na lang halos ang nalalabi sa kanya para makaabot sa appointment niya ngayong hapon. Napakalayo pa naman ng Quezon

sa kanyang opisina kung saan sila magmi-meet ng bagong business partner niya.

She was sure she would not make it on time. Pero hindi bale, nandoon naman ang assistant niyang si Roma upang mag-substitute sa kanya. Masyado kasi siyang naaliw sa pagmamasid ng paligid kaya nawala sa isip niya ang tungkol sa contract signing.

Sumakay na ang dalaga sa kanyang kotse. Wala pang isang linggo ang sasakyan niyang iyon mula nang mabili niya. Bale regalo niya sa sarili ang bago niyang *Toyota Corolla Altis* dahil kahit papaano ay successful namang maituturing ang kanyang business.

At maipagmamalaki niyang dahil iyon sa kanyang kasipagan kaya naman patuloy na nakikilala siya bilang isang successful businesswoman. Sa katunayan nga ay malapit nang magbukas ang isa pa niyang outlet, at iyon ay pagkatapos ng contract signing ngayon.

Kaya kailangan niyang magmadali para makahabol siya sa appointment. Mabuti na lang at simple ang tela at tabas ng damit niya sa kasal kanina kaya hindi na niya kailangang magpalit pa. Makakapunta na siya sa meeting nang ganoon ang suot.

Ikinabit na niya ang kanyang seatbelt at eksaktong nagmamaniobra na siya paatras nang bigla siyang gulantangin ng isang malakas na kalampag sa bandang likuran ng kanyang sasakyan.

"Naku, ano iyon! May nasanggi yata akong sasakyan."

Dali-daling bumaba ang dalaga sa kanyang kotse upang tingnan kung ano ang nangyari. Gayon na lang ang panghihilakbot niya dahil hindi nakasanggi ang kanyang sasakyan bagkus siya pala ang binangga ng isang metallic blue na *Honda Civic*.

Yupi ang kaliwang bahagi ng hulihan ng kanyang kotse, basag ang ilaw at bahagyang umangat ang compartment dahil sa impact ng pagkakabunggo. Tiningnan niya ang kotseng responsable sa nangyari hanggang sa mapadako ang kanyang tingin sa sakay niyon.

Hindi niya masyadong maaninag ang nagmamaneho ng sasakyan dahil tinted ang salamin. Lumapit siya sa kinaroroonan ng driver at kumatok nang malakas sa pinto nito.

"Lumabas ka d'yan!"

Biglang bumukas ang pinto at hinintay niya ang paglabas ng driver ng *Honda Civic*.

"Wala ka bang mata? Hindi mo ba naki—"

Hindi natapos ni Lizbeth ang sasabihin dahil bigla siyang napatulala nang mapagmasdan ang hitsura ng lalaking nakabangga sa kanya na ngayon ay nakatayo na at matiim na nakatingin sa kanya.

Matangkad ang lalaki. Sa height niyang 5'7" ay kailangan pang tingalain niya ito upang mapagmasdang mabuti ang mukha nito. Maputi ito kumpara sa mga lalaking kakilala niya, magaganda ang mata na animo nangungusap kung tumitig. Ang mga kilay ay medyo makapal kung kaya lalong naging kapansin-pansin ang mga mata nito.

Nang mapadako ang kanyang tingin sa mga labi ng lalaki at makita ang nakakainsultong ngiti nito ay nagbalik ang galit niya.

"Hindi mo ba nakitang umaatras ang sasakyan ko dahil papalabas na ako? Tingnan mo tuloy ang nangyari, hindi lang gasgas ang ginawa mo sa kotse ko. Malaki ang naging sira nito at kagagawan mong lahat ito," litanya niya.

Nagulat ang lalaki. Hindi nito nagustuhan ang pagtataas ng boses ng dalaga, lalo at nakita nito na pinagtitinginan na sila ng ilang bisita na nasa di-kalayuan lang. Ang nakatakda sanang paghingi nito

ng paumanhin ay naisantabi tuloy.

"Ako pa ngayon ang may kasalanan. Iyan ang hirap sa mga babaeng nagmamaneho, natuto lang magpaandar ng sasakyan, akala nila ay sapat na iyon. Alam na alam ng lahat ng driver na bago sila umatras ay tinitiyak muna nilang walang paparating na sasakyan para hindi magkaroon ng aksidente gaya nito.

"Hindi mo ba nakita na paparating ako? Bakit nagtuluy-tuloy ka pa rin sa pag-atras? Hindi ka naman pala dapat nagmamaneho dahil bukod sa hindi mo alam ang mga do's and don'ts ng pagmamaneho ay mabagal pa ang reflexes mo. Bakit hindi mo agad tinapakan ang preno para kahit papaano'y naiwasan mo ang kotse ko? Hayan tuloy, nabangga mo ako," pang-aakusa pa ng lalaki.

Lalong nagpanting ang tainga ni Lizbeth dahil sa pang-iinsulto nito.

"At ano ang gusto mong sabihin, tatanga-tanga ako, ganoon ba?"

"Aba, ikaw ang nagsabi niyan, hindi ako," anito, sabay ngiti na may kasamang pang-uuyam.

"Ang bastos na ito! Wala kang modo! Ikaw na nga ang may kasalanan, ikaw pa itong may ganang

magalit. Imbis na humingi ka ng dispensa dahil sa ginawa mo ay heto ka at binabaligtad mo pa ako! At 'wag mong sasabihin na ako ang tanga dahil maliwanag na ikaw iyon."

"Kaya nga may reverse light ang mga sasakyan to warn the other drivers na kapag umiilaw, nangangahulugang may umaatras kaya dapat lang na nagbibigay-daan ang ibang driver na maaaring makasagabal sa pag-atras nito. Pero ano'ng ginawa mo?"

"Marahil ay napakatulin ng takbo mo kaya hindi mo naiwasan ang pagbangga sa kotse ko. Walang may ibang kasalanan nito kundi ikaw at marapat lamang na ikaw ang magbayad sa pagpapaayos nito kung ayaw mong makarating pa tayo sa kinauukulan," pananakot ng dalaga.

"Pasensya ka na, Miss—o Mrs. na ba? Kasi willing naman akong i-shoulder ang lahat ng gastos for the repair. Iyon ay *kung ako* ang may kasalanan kaso nga hindi. Maliwanag pa sa sikat ng araw na ikaw itong mali."

"Aba't antipatiko talaga ito! For your information, miss pa po ako at huwag mong ipagpilitan na ako ang may kasalanan sa nangyari dahil kahit saang anggulo mo tingnan, ikaw ang may kasalanan,

period!”

Dahil sa matinding galit ay hindi niya napansin na biglang nagningning ang mga mata ng lalaki dahil sa sinabi niya ngunit hindi ito nagpahalata.

“I’m not interested in your marital status, Miss. Ang pinag-uusapan natin ay ang damage ng kotse ko. Kaya p’wede ba bayaran mo na lang ako kung babayaran mo ang damages sa kotse ko at nang matapos na ang usapan nating ito.”

Hindi napigilan ni Lizbeth ang sarili kaya humakbang siya palapit sa lalaki. Umigkas ng kanang kamay niya sa pisngi nito.

“Bastos! Ikaw na yata ang pinakaantipatikong lalaki na nakita ko sa tanang buhay ko!”

Napasapo ito sa kaliwang pisngi at biglang namula ang mukha. Bakas ang pagkabigla sa anyo ng mga nakakita ng buong pangyayari. May ilan pa nga na nagbubulungan kaya dahil sa pagkapahiya ay nagdilim ang tingin nito sa babaeng nasa harapan.

Hindi kailanman nanakit ng babae ang binatang sinampal ni Lizbeth kaya isa lang ang paraang naisip nito upang makaganti. Bigla siya nitong niyakap sa baywang at hinawakan sa batok, sabay kabig upang maibigay ang mapagparusang halik na sa tingin nito

ay nararapat lamang sa kanya.

Nanlaki ang mga mata ng dalaga. Hindi niya inaasahan ang gagawing iyon ng lalaki kaya nanlaban siya. Pilit niya itong itinutulak palayo sa kanya subalit hindi man lang niya ito matinag. Sa bawat pagpupumiglas niya ay nararamdaman niyang lalong humihigpit ang yakap nito at dumidiin ang halik na iginagawad nito sa kanya.

Mapagparusa ang halik, puno ng galit ngunit may kakaibang init na hatid iyon sa kanyang mga labi na wari ay nagpaparalisa at nagpapaikot sa lahat ng pandama ni LIzbeth. Namigat bigla ang mga talukap ng kanyang mga mata at unti-unti niya itong ipinikit.

Dahan-dahan niyang itinaas ang kanyang mga kamay, hindi upang muling manulak, bagkus ay tuluyang maiyakap ang mga braso sa leeg nito.

Ngunit bago pa siya tuluyang matangay ay naramdaman niyang lumuwag ang pagkakayakap sa kanya ng lalaki. Nang imulat niya ang kanyang mga mata ay nakita niyang nakangisi ito.

“Hmm... sa tingin ko naman ay sapat nang kabayaran sa sira ng kotse ko ang nangyari ngayon,” may himig pang-iinsultong saad ng lalaki.

Nang rumehistro sa isip ng dalaga ang sinabi ng kausap ay buong lakas na itinulak niya ito. Lumuluhang nagtatakbo si Lizbeth sa kanyang sasakyan at sa nanginginig na kamay ay dagling pinaandar iyon upang makalayo sa lugar na iyon—palayo sa lalaking kauna-unahang nagsamantala sa kanyang labi at nang-insulto sa kanyang pagkatao.

# 2

May pagsisising hinabol ng tanaw ni Ariel ang papalayong kotse ng dalaga. Gusto niyang suntukin ang sarili dahil sa nangyari.

Ano ba itong nagawa niya? Kung malalaman lang iyon ng kanyang ina, natitiyak niyang masasabon siya nito nang husto. At ang kanyang ama? Baka bumangon iyon mula sa hukay nito at multuhin siya.

Nais niyang habulin ang babaeng nakaengkuwentro subalit ano ang sasabihin niya? Natitiyak niyang galit na galit ito sa kanya dahil sa nangyari at inaamin niyang nakalimutan niyang magpakamaginoo sa harapan nito.

Hindi niya alam kung ano ang pumasok sa isip at pinatulan niya ang katarayan ng babaeng iyon. Say-ang, maganda pa naman at ang lambot ng mga labi.

Napangiti ang binata nang maalala ang naganap at wala sa sarili na dinama ng daliri ang labi.

Bakit ba naubos nang ganoon katindi ang kanyang pasensya kanina at nagawa niya ang bagay na iyon?

Napakataray kasi ng babaeng iyon. Sukat ba namang pagtaasan siya ng boses. Hihingi na sana siya ng paumanhin kaya nga lang ay narindi siya sa pagsigaw nito.

Hindi man lang inisip ng estranghera na maraming tao ang nakakita at nakarinig sa bangayan nila ng babae. Kaya, hayun, nakalimutan tuloy ni Ariel ang magagandang pag-uugali na itinuro ng mga naging guro niya noong nag-aaral pa siya.

*Sayang, hindi ko man lang nalaman ang pangalan niya.*

Mabuti na lamang at hindi pa nakakarating sa bagong kasal ang tungkol sa komosyon sa labas. Naglabasan na sana ang mga bisita sa loob kasama ang dalawa.

And speaking of bagong kasal, natitiyak niyang nagtatampo na ang mga kaibigan niya dahil muntik na siyang hindi umabot sa reception. Bisita rin siguro roon sa kasalan ang babaeng hinalikan niya, batay na rin sa suot nitong gown.

Hindi na nga bale… itatanong ko na lang kina Paul at Ashley kung kilala nila iyon.

Napalingon ang bagong kasal sa entrada ng reception hall sa pagpasok ng bisitang kanina pa nila hinihintay. Kinawayan nila ang bagong dating.

"O, pare, mabuti naman at nakarating ka. Malapit na kaming magtampo sa iyo," salubong ni Paul.

"Oo nga, bakit ngayon ka lang? Alam mo bang nataranta kaming lahat kanina nang magpasabi ka na hindi makararating sa wedding ceremony? Magsisimula na ang martsa, wala pa ang best man. Buti na lang at nand'on si Jimmy. Pumayag siyang mag-proxy sa iyo," dagdag sermon ni Ashley.

"I'm terribly sorry, pare, Ashley. Patungo na talaga ako kanina sa simbahan kaya lang, biglang may dumating na emergency case sa ospital—isang batang biktima ng hit-and-run. All the other doctors were preoccupied and I had no choice but to attend to the needs of the said patient. Tawag ng tungkulin kaya naman I was not able to make it to the ceremony kanina. As soon as I finished the operation, I rushed here para naman kahit sa reception na lang ay makahabol pa rin ako."

Ang kaso, na-traffic siya at idagdag pang may isang babaeng napakataray na nakaengkuwentro niya sa parking area ng resort. Pinili niyang hindi

na iyon sabihin.

"Okay, apology accepted," ani Ashley na nakangiti na.

"Congratulations nga pala sa inyong dalawa. Sa wakas ay natagpuan mo na rin, pare, ang babaeng magpapatino sa iyo. From what I see, natitiyak kong maligayang-maligaya ka. At iyon ay dahil sa iyo, Ashley."

Dumako ang nagniningning na tingin ni Ariel sa bride. "Pinaligaya mo talaga ang kaibigan kong ito. Best wishes." Humalik siya sa pisngi nito.

Biglang kinabig ni Paul ang asawa sa baywang.

"Awat na, pare. Off-limits ka dapat kay Ashley dahil misis ko na siya. Alam mo namang pagdating sa kanya ay napaka-possessive ko," pabiro pang sabi ni Paul.

"Huwag mong sabihing hanggang ngayon ay pinagseselosan mo pa rin ako? Hindi ba't sinabi na namin sa iyo ni Ashley na tungkol sa iyong lahat ang pinag-usapan namin nang minsang lumabas kaming dalawa?" Tinapik niya ang balikat ng kaibigan.

"Pasalamat ka nga sa akin dahil habang nagdi-dinner kami ay wala na akong ginawa kundi ang

i-build up ka sa kanya. At tingnan mo naman ang resulta, you are now happily married to her."

"Oo nga naman, honey. At saka hindi ba't si Ariel ay para sa best friend kong si Lizbeth," ani Ashley, sabay kindat sa asawa.

"Nagbibiro lang ako, hon. Alam kong ako ang mahal mo. And you're right, si Ariel ay para kay Lizbeth."

"Uh-oh, I can smell something sa mga pinagsasabi ninyong dalawa. I don't like your idea of matchmaking, ha. You know how busy I am so I don't have time for girls. Pumunta ako rito para batiin kayo sa araw ng inyong kasal at hindi para makakita o makakilala ng isang babae na magiging sagabal lamang sa aking tungkulin bilang isang doktor."

Hindi maintindihan ni Ariel kung bakit biglang sumulpot sa kanyang isip ang babaeng nakaengkuwentro niya kanina sa parking space. Muli ay binalikan niya sa isip ang hubog ng mukha ng dalagang maganda subalit ubod ng taray. Napangiti siya sa naisip.

Bakit ba kahit galit na galit ito sa kanya ay hindi man lang nabawasan ang kagandahang taglay

nito? Tingin niya ay lalong naging kaakit-akit ang dalaga dahil sa pamumula ng mukha nito dala ng matinding iritasyon sa kanya.

Aminado siya na kasalanan niya ang nangyari, nakita na niya ang umaatras na sasakyan nito palabas ng parking slot, subalit dahil sa tulin ng kanyang pagpapatakbo ay bahagya lang na kumagat ang kanyang preno kaya nasapol ang likuran ng kotse ng dalaga. Hindi niya alam kung bakit gustung-gusto niyang galitin ito kanina.

Saka kung anu-ano kasi ang sinabi nito sa kanya at sinampal pa siya.

Muli siyang napangiti kasabay ng marahang pag-iling.

Tiyak na matutuwa ang mama kapag nalaman ang tungkol sa paghalik na ginawa niya sa estranghera. Tiyak na kung may magagawa lamang ito ay hindi ito titigil hangga't hindi niya pinakakasalan ang babaeng iyon. Sasabihin nitong kesyo dapat ay ibangon niya ang puri ng dalaga at kung anu-ano pa. Kung hindi pa niya alam, gusto lang talaga siya nitong ipagtulakan sa pag-aasawa.

Hindi nga ba't halos lahat na ng nurses sa ospital ay sinasabi ng kanyang ina na bagay sa kanya?

Natitiyak niyang iyon din ang sasabihin nito kapag nakita ang babaeng iyon.

---

Bahagyang tinapik ni Paul ang kaibigan.

"Ano ba ang naaalala mo at gayon na lang ang pagngisi mo diyan?" nangingiting tanong nito kay Ariel. "Kanina pa kami daldal nang daldal ni Ashley ay mukhang hindi ka naman nakikinig sa amin."

"A-ano na nga ba ang sinasabi ninyo kanina? May naalala lang akong nakakatawa kaya bigla akong napangiti, pero wala lang iyon. Mabalik tayo sa pinag-uusapan natin," ang pag-iiba ni Ariel ng topic.

Nagkatinginan ang mag-asawa. Nagtataka sila sa ikinikilos niya.

"Ang sinabi ko'y sayang at hindi kayo nagkaabot ng best friend kong si Lizbeth. Siya ang aking maid of honor, makaka-partner mo sana kung naka-attend ka ng ceremony. Kaaalis-alis lang niya nang dumating ka, eh. Kung napaaga ka sana nang kaunti, malamang ay nagpang-abot kayo."

Biglang naging alerto ang binata nang marinig ang sinabing iyon ni Ashley. Kung hindi

siya nagkakamali ay si Lizbeth na tinutukoy nito ang babaeng nakabanggaan niya. Hindi niya maipaliwanag ang kabang nararamdaman nang mga sandaling iyon.

Nabuhayan siya ng pag-asa. Nangangahulugan lamang iyon na napakalaki ng chance niyang muling makita ang babaeng iyon. Subalit nahihiya naman siyang magtanong sa dalawa ng tungkol sa dalaga dahil tiyak na kakantyawan siya ng mga ito.

"Marami na palang umalis na mga bisita kung ganoon?" patay-malisyang tanong niya.

"Actually, pare, si Lizbeth pa lang ang umalis dahil may appointment siya ngayon. Kahit na kasisimula pa lang ng reception ay nagmamadali na siyang nagpaalam sa amin ni Ashley kanina," sagot naman ni Paul.

Ngayon ay kumpirmado na ni Ariel na tama siya ng hinala. Ang dapat na lang niyang malaman ngayon ay kung saan niya ito maaaring matagpuan.

Bago siya umalis sa *Villa Verdadero* ay kinakailangang malaman pa niya ang ibang detalye tungkol kay Lizbeth nang hindi nahahalata ng bagong mag-asawa.

"O, kita ninyo na! Sa akin ay nagtatampo

kayo dahil muntik na akong hindi makapunta sa mahalagang araw na ito sa buhay n'yong dalawa, samantalang ang sinasabi ninyong Lizbeth ay maaga rin naman palang umalis. Malay ninyo ba kung talagang may appointment iyon," panggagagad pa ng binata.

Sa sarili ay hinihiling niya na sana ay mabanggit ni Ashley o dili kaya ni Paul kung ano at saan ang appointment ng dalaga.

"Hoy, Ariel! Si Lizbeth ay nakadalo sa kasal namin… hindi katulad mo… hindi na nga nakadalo sa wedding ceremony proper ay huli pa maging dito sa reception. At saka para iyon sa kanyang boutique," pagtatanggol pa ni Ashley sa kaibigan.

"Ah. Pero teka, hindi ba't ikaw man ay may sarili ring boutique? Mabuti at hindi kayo nagkakaroon ng competition sa mga prospective clients ninyo," patuloy pa rin ni Ariel.

He was very positive na malalaman na niya kung paano sila muling magkikita ng dalaga. Kaunting paikut-ikot pa sa usapan at... presto! Sasabihin na sa kanya ni Ashley ang lahat ng gusto niyang malaman tungkol kay Lizbeth nang hindi ito makakahalata sa tunay niyang layunin.

Umiling ito. "Ah, hindi. Kasi magkaiba naman ang line of merchandise namin. Women's clothing and accessories ang sa akin samantalang ang sa kanya ay pawang panlalaki, from head to foot."

"Marahil ay nakabili ka na ng outfit at ilang items for men sa kanyang boutique. May ilang franchise outlets din kasi siya sa ibang malalaking malls sa Kamaynilaan," singit ni Paul sa kuwentuhan.

"Have you heard of the *LM House of Fashion for Men*? Kanya iyon, and her main branch where she holds office is just two stalls away from mine at the first floor of *Rustan's Makati*. At kung wala siya sa main branch ay nandoon siya sa kabilang branch niya sa *Landmark*, sa third floor. Iisa lang naman ang pangalan ng boutique niya." Hindi napansin ni Ashley ang gumuhit na ngiti sa mga labi ng doktor dahil sa mga impormasyong ibinigay nito.

"Hay naku! Napaka-busy nga ng babaeng iyon. Lalo na ngayong may bago na namang bubuksan na branch sa *Shangri-La Plaza*. Iyon ang dahilan kung bakit siya nagmamadali kanina kasi the contract signing will happen today with her new business partner," pagmamalaki pa nito.

Walang kamalay-malay si Ariel that Ashley was slowly trying her best to impress him with Lizbeth's

success stories, hoping against hope na mapukaw niyon ang interes ng binata.

*Bull's-eye!* Tuwang-tuwa si Ariel dahil ngayon ay alam na niya kung saan matatagpuan ang impertinenteng dalaga.

*Makakaharap ko na ring muli ang kauna-unahang babaeng sumampal sa akin.* Pagkuwan ay napangiti siya.

Hindi niya maitatanggi na si Lizbeth din ang babaeng maituturing niyang may pinakamatamis na labi sa lahat ng mga labing nahalikan niya. At nakahanda siyang ipusta ang kanyang medical bag—siya ang first kiss ng dalaga.

Naramdaman niya kanina ang panginginig ng mga labi nito habang hinahagkan niya.

At bagaman natangay itong tugunin ang kanyang mapupusok na halik ay batid niyang nangangapa ang dalaga. Hindi ito marunong humalik.

At ikinatutuwa niya ang bagay na iyon.

*Ako ang magtuturo sa kanya kung paano humalik at titiyakin kong wala nang ibang labi pang sasayad sa mga labi niya maliban sa akin. Till we meet again, Lizbeth*, pangako niya sa sarili.

# 3

Patuloy ang pagtulo ng luha ni Lizbeth habang nagmamaneho. Ang galit na nararamdaman niya para sa pangahas na lalaking iyon ay ibinubunton na lang niya sa manibela at maging sa silinyador.

Napakatulin ng kanyang takbo sa highway, tila ba umaasa siya na makakalimutan niya ang poot na nasa dibdib para sa lalaking iyon dahil sa kahihiyang naranasan niya sa harap ng ilang bisitang naroroon. Ang mga ito ang nakasaksi sa lahat ng nangyari sa kanila.

Nawa ay hindi mangyaring magkrus muli ang kanilang landas dahil hindi niya alam kung ano ang kanyang gagawin sa sandaling magkaharap sila ulit ng bastos na iyon.

*Sinungaling! Bakit hindi mo amining nagustuhan mo ang ginawang paghalik sa iyo ng lalaking iyon*? hirit ng kanyang isip.

Kung hindi pa ito kusang bumitaw sa kanya ay baka kung saan na sila nakarating na dalawa. Hindi niya maitatanggi ang kakaibang init na nanulay sa buo niyang katawan habang supil nito ang kanyang

mga labi na wala pang lalaking nakakahalik kailanman.

Gusto niyang sakalin ang sarili. Ano na lang ang iisipin sa kanya ng mga taong nakakita sa nangyari? Na isa siyang mababang uri ng babae na pumapayag magpahalik kahit sa lalaking ni hindi niya alam ang pangalan!

Gayunpaman, hindi niya magawang itanggi na nabighani siya sa katangiang taglay ng lalaking iyon. Para siyang nasa isang trance nang matitigan niya ang kaguwapuhan nito.

Pero normal lang naman iyon—ang humanga. *Maaaring guwapo siya, pero masama pa rin ang ugali niya!*

At lubos niyang ipapasalamat kung hindi na niya makikita pang muli ang bastos na iyon.

Malapit na siyang pumasok sa loob ng Kamaynilaan nang tumunog ang kanyang cellphone. Nabasa niya sa screen ang pangalan ng kanyang assistant, si Roma. Ikinabit niya ang headset ng kanyang cellphone.

---

"Ma'am, kararating lang po ni Mrs. Veneracion

kasama ang kanyang anak na si Hyacinth dito sa office ninyo. Very apologetic nga po dahil late na raw sila sa inyong appointment, but I told them that you would still be coming from Quezon kaya male-late din kayo. And they said that's fine with them," anang tinig ni Roma.

"Okay, serve them something. I am almost there. Oh… by the way, tawagan mo nga pala ang *Toyota Service Center* at sabihin mong kailangang magpadala sila ng serviceman diyan sa office. May ipapaayos ako 'ika mo sa kotse ko."

Tinapos na ng dalaga ang pakikipag-usap niya sa kanyang assistant at ipinagpatuloy na ang pagmamaneho. Nagtataka siya kung bakit dumating pa si Mrs. Veneracion sa kanyang opisina samantalang lagpas na sa oras na kanilang napag-usapan.

Ang buong akala nga niya ay kanina pa nagsimula ang meeting, Roma could have handled it in any way. Batid niyang mapagkakatiwalaan ang dalaga at tunay na maaasahan. Kaya lang, nakakahiya iyon sa magiging partner niya kung hindi siya ang personal na haharap.

Kung tutuusin ay hindi ordinaryong employee lang ang turing ni Lizbeth kay Roma. She was not just an assistant but her confidante as well. She

considered her as a trusted friend.

Nakilala niya ito during their college days. Magkaklase sila sa maraming subjects na kinuha nila that time. Unfortunately, hindi nakatapos ng pag-aaral si Roma because of financial constraints. She needed to help her family financially kaya nang makakita ng opportunity para makapagtrabaho ay nagkahiwalay sila.

And when she put up her own business at nangailangan siya ng isang assistant, she started looking for Roma at hindi naman siya nabigo. Magaling ang kanilang tandem kaya very successful ang outcome ng kanyang fashion business.

Pareho silang uma-attend ng iba't ibang seminar para maging updated sila sa mga ins and outs ng garments business.

Lately ay may nagpayo sa kanilang mas maganda kung sila na rin mismo ang gagawa ng kanilang sariling design kaya sumubok sila. Noong una ay kinakabahan silang dalawa na baka hindi magkaroon ng market ang ilalabas nilang clothing for men na sila mismo ang nag-design but it turned out to be a success.

And since then ay naging popular na sa mundo

ng garments business ang pangalang *LM House of Fashion for Men*. Isa pang maganda ay napakahusay ng mga marketing strategies ni Roma. No wonder, lagi silang dinudumog ng mga customers.

They had been working together harmoniously for years already. At ang isa pang ikinapupuri ni Lizbeth sa assistant ay napaka-efficient nito pagdating sa trabaho. Sa bawat success na nakakamit niya ay lagi niyang ipinararamdam na kabahagi ito ng tagumpay niya at siyempre ay well-compensated ang kaibigan.

---

"Good afternoon, Mrs. Veneracion. I'm sorry for being late kasi ho ay galing pa ako sa Quezon." Nakahinga nang maluwag si Lizbeth nang makarating siya sa kanyang boutique.

*At huwag na hong idagdag na may isang walang-modong lalaki na nambuwisit sa akin kaya lalo tuloy akong na-late,* dagdag niya isip.

"Huwag mo nang alalahanin iyon, Miss Montelibano. Okay lang iyon. After all, late din kami nitong anak ko. Halos magkasunod lang tayo. By the way, I want you to meet my daughter, Hyacinth." Nginitian niya ang magandang dalaga sa tabi nito.

"Siya talaga ang magiging business partner mo, ako lang ang nagre-represent sa kanya in her absence. At kaya kami na-late ay dahil sinundo ko pa siya sa airport.

"Ang alam ko kasi ay sa weekend pa ang dating niya. But on my way here ay bigla siyang tumawag na nandito na siya sa Pilipinas at nagpapasundo sa airport kaya naman nataranta ako. I asked my son to fetch her kaya lang ay gaya ng dati, mas mahalaga ang trabaho niya kaysa sa amin ng kapatid niya," himig-nagsesentimyento na saad ni Mrs. Armida Veneracion.

"Mama, hanggang dito ba naman ay nag-e-emote ka pa rin. Hayaan mo na si Kuya. Naiintindihan ko siya. Alalahanin mong mabigat ang tungkuling nakaatang sa kanya nang mawala ang Papa. At huwag mong itatangging he is doing well. Kung nagawa mong unawain si Papa noong nabubuhay pa siya, bakit hindi mo magawa iyon ngayon kay Kuya?" pagtatanggol ni Hyacinth sa kapatid.

"Pero hindi kailanman tayo binale-wala ng papa mo, hija. Lagi siyang naglalaan ng oras para sa atin noong nabubuhay pa siya. Hindi kagaya ng kuya mo na buong buhay yata ay nakalaan na sa ospital. May mga tao naman na maaari niyang pagkatiwalaan

doon kaya hindi ko maintindihan kung bakit hindi man lang siya magkaroon ng kaunting panahon sa atin at maging sa sarili niya," madamdamin pa ring paliwanag ng ginang.

"Mama, nagpunta tayo rito para pag-usapan ang tungkol sa partnership namin ni Miss Montelibano at hindi ang tungkol kay Kuya. At saka nakakahiya naman kay Miss Montelibano dahil naririnig pa niya ang kaunting problema sa ating pamilya."

Napadako ang tingin ni Hyacinth kay Lizbeth. "Pasensya ka na sa Mama at ngayon pa napiling maging sentimental."

"Hay naku! Okay lang sa akin iyon at siguro naman ay walang ibang ibig sabihin si Mrs. Veneracion sa mga sinabi niya. Maybe she's just airing her sentiments as a mother. And please let's drop the formalities, just call me 'Lizbeth.'"

"In that case, you can call me 'Hyacinth.' Nakakailang nga kung magiging napaka-formal natin sa isa't isa. I hope we'll not just become good business partners but good friends as well," sabi pa nito.

Napangiti si Mrs.Veneracion.

"And you just call me 'Tita Midz.'"

"Okay, Tita Midz. Paano, let's get down to business kasi I'm sure may jet lag pa itong si Hyacinth. The earlier we finish this meeting, the better para naman makapagpahinga na siya agad."

Binuklat ni Lizbeth ang folder sa harap niya at iminuwestra sa mga kaharap na maaari nilang tingnan ang mga folders na iniabot niya kanina.

"I'm sure by this time ay napag-aralan na ninyo nang husto ang lahat ng details tungkol sa ating magiging partnership. Agree ho ba kayo, Tita Midz, sa lahat ng nakasaad diyan?" baling ni Lizbeth sa ginang.

"Ang mabuti pa ay kayong dalawa na ang mag-usap tutal kayo naman talaga ang magiging mag-partner. Ako ay titingin lang ng casual attire para sa kuya mo, Hyacinth. At kakausapin ko na rin ang assistant mo sa labas, Lizbeth, at baka nalulungkot na dahil walang kausap. Please excuse me."

Iyon lang at lumabas na ang ginang ng kanyang opisina upang tingnan ang mga display niyang iba't ibang damit-panlalaki na kararating lang buhat pa sa ibang bansa.

"You know… I like your mother, very friendly at sincere. And a very loving mother indeed. Sa

kabila ng pagdaramdam niya sa kuya mo ay hayun at ipinamimili pa. Sayang nga lamang at hindi pala natin siya makakasama nang madalas dito sa ating business," nakangiting pahayag ni Lizbeth.

"Naku! 'Wag mong ipaparinig iyan sa kanya. Baka iuwi ka na niyan sa amin para sa kuya ko. Tingnan mo, kunwari pang nagtatampo sa Kuya, if I know pinapakyaw na niya ang lahat ng display mong damit na kakasya kay Kuya para ipasalubong sa kanya gayong may mga uwi na rin naman ako from California.

"At tungkol d'on sa baka hindi mo makasama ang Mama. I tell you, baka ikaw ang magsawa sa kanya dahil kahit hindi siya ang magiging official business partner mo, I'm sure dito iyan maglalagi sa boutique mo, Lizbeth."

"Boutique natin, Hyacinth," she corrected.

"Oo nga pala," anitong tumawa. Nahawa na rin siya.

"Ang ipinagtataka ko lang ay kung bakit nakipag-partnership ka pa sa akin. I'm sure you have enough capital para magtayo ng sarili mong negosyo," ani Lizbeth mayamaya.

Tumingin sa kanya si Hyacinth at ngumiti.

"Para maging maganda lalo ang ating partnership ay magiging very honest ako sa iyo, Lizbeth. Who am I compared to you when it comes to this kind of business? I am still a nobody pagdating sa negosyong ito samantalang ikaw ay well-known na. Marami na ang nagpa-patronize ng iyong mga designs kaya I hope you don't mind kung makikisakay muna ako sa iyong popularity," biro ng babae. "And who knows baka pagdating ng araw ay makilala rin ako sa ganitong larangan and if that happens, I would be forever grateful to you."

Bahagyang uminit ang mga pisngi ni Lizbeth sa papuri nito. "I'm very much flattered sa mga sinabi mo, Hyacinth. Hindi naman kaya lumaki na ang ulo ko niyan sa mga sinabi mo? Natutuwa ako sa pagiging honest mo. 'Wag kang mag-alala, I will help you. Gagawin ko ang lahat ng makakaya ko para maging successful ka rin in this field."

Iyon lang at nagpirmahan na ang dalawa para sa kanilang partnership.

"Now that our partnership has been formalized, I want you to remember this, Hyacinth. You are my partner and not just an employee or a protégée. If you have new ideas, don't hesitate to tell me about it. Give your comments, suggestions and

recommendations and I'm sure everything will turn out fine," nakangiting pahayag ni Lizbeth.

"Thank you very much, Lizbeth. I promise hindi ka mapapahiya sa akin. I will do my best so that this partnership will become as profitable as your other business ventures."

Nagyakap ang dalawang babae sa halip na magkamay lamang, tanda ng isang simula para sa matagumpay na hinaharap bilang business partners.

# 4

Kagagaling lang ni Lizbeth sa *Shangri-La Plaza* branch ng *LM House of Fashion for Men* nang dumating siya sa opisina ng kanyang main branch sa *Rustan's Makati*. Dalawang buwan na ang nakakalipas mula noong nagpirmahan sila ni Hyacinth ng contract at natutuwa siya sa outcome ng kanilang business sa branch nila sa malaking mall na iyon sa Mandaluyong.

Maraming bagong ideas ang partner. Hindi niya maitatangging malaki ang naitutulong nito sa kanilang negosyo. It was doing good kaya naman magaan ang loob niya na magpaalam dito para sabihing babalik na siya sa main branch.

Hustong pumapasok siya sa pinto ng kanyang store nang salubungin siya ni Roma para sabihing may may bisitang naghihintay sa kanya.

"At sino naman iyon? Wala kang nababanggit sa akin about this appointment kaya wala akong inaasahan ngayong gasinong trabaho. Plano ko ngang umuwi nang maaga para makapag-relax," nakataas ang kilay na sagot ni Lizbeth.

"Mukhang hindi negosyo ang ipinunta dito

kasi may dala pang bulaklak, eh. Tingin ko ay manliligaw." Naging mapanukso ang tingin nito. "Ikaw, ha? Naglilihim ka na sa akin ngayon. You never mentioned to me na may suitor ka palang super-guwapo."

Naggalit-galitan si Lizbeth. "Wala akong alam diyan sa sinasabi mo, Roma. Baka nagkamali lang ng pinuntahan ang sinumang bisitang iyon. Wala akong bisitang inaasahang darating ngayon at hindi ko matandaang may bago akong kakilala na guwapo. Lahat ng pumupunta dito ay kakilala mo rin kaya kung hindi mo siya kilala ay natitiyak kong hindi ko rin siya kakilala."

"Liz, maliwanag na sinabi ni Super-pogi. Sinabi niya, 'Is Miss Lizbeth Montelibano in?' Ikaw lang naman ang kakilala kong 'Lizbeth Montelibano,' so I'm sure ikaw ang sadya n'on at wala nang iba. Bakit hindi mo na lang siya puntahan at nang makita mong totoo ang sinasabi ko na super-guwapo talaga siya. Dali, he's waiting for you in your private office."

"What!" Pinandilatan niya ito. "Pinapasok mo siya gayong hindi ka pa nakatitiyak na kakilala ko nga siyang talaga! Paano kung may masama palang balak sa atin ang taong iyon? Hindi na natin masabi ang panahon ngayon, Roma."

Medyo natigilan ang dalaga sa narinig, pero saglit lang iyon dahil pagkuwan ay halos ipagtulakan siya nito papasok sa kanyang private office.

“Wala sa mukha niya na may masama siyang binabalak sa iyo. Wala rin sa hitsura niya na masama siyang tao. Aba, kung lahat ng rapist ay ganoon ang hitsura, sigurado ako na wala na kahit isang babae na magko-complain at magpa-file ng rape case. I’m sure you’ll agree with me kapag nakita mo siya kaya off you go and see him.”

Iyon lang at iniwan na siya ni Roma. Narinig na lang niya ang marahang pagsara ng pinto paglabas nito.

---

Naglakad si Lizbeth papasok at dahil fully-carpeted ang sahig, hindi maririnig ninuman ang ingay na nalilikha ng takong ng kanyang sapatos. Kaya naman walang kamalay-malay ang bisitang sinasabi ni Roma na naroroon na siya sa likuran nito.

Pinagmasdan ni Lizbeth ang matangkad na lalaki na nakatayo sa harap ng kanyang life-size portrait na nakasabit sa likuran ng kanyang mahogany table.

“Ah, excuse me. My assistant told me that you’re looking for me. I could not remember setting this

appointment so would you please tell me what is it that you want and may I know your name, please," medyo may katarayang bati niya.

Nagsalita ang lalaki nang hindi humaharap sa kanya.

"Ganyan ka ba kung tumanggap ng bisita?"

Nanlaki ang kanyang mga mata. *Ang boses na iyon*…. Kailanman ay hindi niya makakalimutan ang taong nagmamay-ari ng tinig na iyon.

"It's you!" pabiglang bulalas ng dalaga nang humarap ang kanyang bisita. Kumulo ang kanyang dugo at mabilis na umakyat iyon sa ulo niya pagkaalala sa ginawa nito sa kanya.

"What are you doing here? Ang lakas din naman ng loob mong magpakita pa sa akin. And how did you find me? How did you know my name? Oh, never mind! I'm not interested na malaman pa ang mga bagay na iyon. Just leave at ito ang tandaan mo: next time ay hindi ka na makakapasok pa uli dito. Sasabihan ko ang guwardya na makita pa lamang nila na dumarating ka ay paulanan ka na ng bala," dere-derecho niyang sabi.

"Ouch! Sinasabi ko na nga ba't hanggang ngayon ay galit ka pa sa akin," sagot ni Ariel gayung wala

naman sa anyo na nasaktan talaga. "But nevertheless, I'm flattered, sweetheart, at natatandaan mo pa ako. By the way…" Inilahad nito ang kamay sa kanya, "I'm Dr. Ariel Veneracion. It had been two months already… when that incident happened kaya I was hoping against hope na nakalimutan mo na ang tungkol doon."

Todo-simangot si Lizbeth. "Well, sad to say ay malinaw pa rin sa akin ang lahat ng ginawa mong pang-iinsulto sa akin. Mahirap nang makalimutan ko pa how you made me look like a fool in front of many people. Kaya mas makabubuti para sa ating dalawa kung aalis ka na ngayon din at huwag nang magpakita pa sa akin kailanman."

Nagpapaawa ang expression nito. "H-hindi mo ba ako kayang patawarin? Anyway, napahiya rin naman ako that afternoon dahil sinampal mo ako. That's the main reason why I lost my temper. But I tell you, nagsisisi na ako kaya naman patawarin mo na ako please…" Hindi siya sumagot. Hindi siya naniniwalang sincere ito sa sinasabi nito.

Nagpatuloy ang lalaki, "Promise, patawarin mo lang ako, hindi na ulit mangyayari na mawawalan ako ng kontrol sa sarili ko. Sige na naman, o? Can we just forget everything? I mean not everything. I

don't have any plans of forgetting the kissing part… It was memorable, don't you think?"

Nanlaki ang mga mata ni Lizbeth dahil sa namimilyong tinig ng binata.

"Talaga nga palang…!" Pinilit niyang hamigin ang sariling emosyon. "Please. I don't want to be rude. This conversation is going nowhere. Kung wala ka nang sasabihin ay puwede ka nang umalis. Kung inaakala mong ganoon kadali kong makakalimutan ang ginawa mo sa akin, nagkakamali ka. Ikaw pa lamang ang kauna-unahang nagparanas sa akin nang walang-katulad na kahihiyan kaya huwag ka nang mag-aksaya pa ng panahon."

Tinalikuran niya ang lalaki at naupo sa kanyang swivel chair saka pinindot ang intercom.

"Roma, next time ay huwag kang basta magpapapasok ng kung sinu-sino lang sa aking opisina. Pakituro na lang sa ating bisita kung nasaan ang daan papalabas," ani Lizbeth.

Tinitigan ni Ariel ang dalaga, tinatantya marahil kung gaano siya kaseryoso. Nang matiyak na hindi siya nagbibiro ay laglag ang balikat na nagpaalam na ito.

"O-okay. Kung iyan ang kagustuhan mo ay

aalis ako. But it doesn't mean na sumusuko na ako. Hindi ako titigil hangga't di mo ako napapatawad. At siyanga pala…" Dinampot nito ang bouquet ng white roses na nakapatong sa couch at ipinatong sa ibabaw ng desk niya. "Before I leave, I want you to accept these flowers. 'Bye. Please expect me to come back soon."

Iyon lang at tumalikod na ang binata. Nasalubong nito si Roma. Nagdikit lalo ang mga kilay ni Lizbeth nang bigla itong kumindat sa kanya bago nito isinara ang pinto ng opisina.

May kutob siyang hindi nagbibiro ang Ariel Veneracion na iyon. Natitiyak niyang babalik pa ito kaya binilinan na niya ang sariling maghanda para sa pagkakataong iyon. Ipinangako niyang hindi niya gagawing madali para sa lalaki na makamit ang kanyang kapatawaran.

Pero mapanindigan niya kaya iyon?